Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-19 NG OKTUBRE, 2021 SA GANAP NA IKA-09:40 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ---------------- | Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG. 73 T. 2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGKILALA AT PAGBATI SA BUMUBUO NG KGG. SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY CONCEPCION, LUMBAN, LAGUNA SA PANGUNGUNA NI KGG. JOSEPH E. BUARAO, SANGGUNIANG KABATAAN CHAIRMAN DAHIL SA KANILANG TINAMONG GAWAD PAGKILALA BILANG GOLD AWARDEE NG SEAL OF GOOD YOUTH GOVERNANCE (SGYG) 2021.**

Akda ni: **Kgg. Donnie L. De Venecia**

**SAPAGKAT,** noong Setyembre 24, 2021 ay iginawad sa bumubuo ng Kgg. Sangguniang Kabataan ng Barangay Concepcion ang parangal bilang Gold Awardee para sa Seal of Good Youth Governance (SGYG) na ipinagkaloob ng Pamahalaang Panglalawigan ng Laguna sa pamamagitan ng Youth Development Affairs of Laguna;

**SAPAGKAT,** may kabuuang bilang na Apatnapu't Tatlo (43) grupo ng mga kabataan sa buong Lalawigan ng Laguna ang binigyan ng parangal para sa mga natatanging mga grupo ng mga kabataan na nanguna sa pagsasagawa ng kapaki-pakinabang na mga gawain tulad ng pagtulong at pakikiisa sa mga programa na nakakatulong sa kanilang mga kabarangay at mga kababayan;

**SAPAGKAT,** ang bumubuo ng Kgg. Sangguniang Kabataan ng Barangay Concepcion ay gumawa ng mga pamamaraan upang makatulong sa mga kabataan para sa kanilang pag-aaral at sa mga mamamayan sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyo tulad ng pag oorganisa ng *Brgy. Concepcion Community Pantry* sa loob ng ilang buwan;

**SAPAGKAT,** ang Kgg. Sangguniang Kabataan ng Brgy. Concepcion ay nagpamalas ng kanilang mga kakayahan upang maisagawa ang magagandang layunin sa barangay at sa mga mamamayan lalong lalo na sa panahon na may pandemya;

**SAPAGKAT,** nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala at pagbati ang Kgg. Sangguniang Kabataan ng Barangay Concepcion Lumban, Laguna upang magsilbing inspirasyon sa mga kabataan at mga grupo ng mga mamamayan sa bayan ng Lumban, Laguna at iba pang karatig bayan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Donnie L. De Venecia** na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng Kagawad na nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINASIYA** na, pagtibayin at ang pagkilala at pagbati sa Bumubuo ng Kgg. Sangguniang Kabataan ng Barangay Concepcion, Lumban, Laguna sa pangunguna ni Kgg. Joseph E. Buarao, Sangguniang Kabataan Chairman dahil sa kanilang tinamong Gawad Pagkilala bilang Gold Awardee Ng Seal Of Good Youth Governance (SGYG) 2021.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang bumubuo ng Kgg. Sangguniang Kabataan ng Barangay Concepcion at iba pang kinauukulang personalidad at tanggapan para sa kanilang kabatiran at magalang na pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika- 19 ng Oktubre, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**RHODA DM. RABIE**
Kagawad

**ROSE ANN R. AÑONUEVO**
Kagawad

**IRENEO R. BALDOVINO**
Kagawad

**GERONIMO P. SAMONTE JR.**
Kagawad

**SHERYLL TABLICO-GAURINO**
Kagawad

**ORLANDO R. DE LUNA**
Kagawad

**JOHN ALBERT RANA**
Kagawad

**EDGARDO B. GONZALES**
Kagawad

**ARIEL D. AÑONUEVO**
Pangulo – LnB

**DONNIE L. DE VENECIA**
Pangulo - SKF

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt101921res73*